## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 33

Saan ako titira? — Ito ang tanong na bumabagabag sa 17 milyong nangungupahan sa California. 55% ng mga taga-California ay nahihirapan sa upa, nagbabayad ng higit sa 30% ng kanilang kita sa upa at walang katapusan na nakikita. Ang pagtaas ng upa ay mas mabilis kaysa sa pagtaas ng sahod. Ang isang baguhang guro, pulis, o bumbero ay nagbabayad ng kalahati ng kanilang sahod upang makayanan ang upa sa karaniwang apartment sa mga lungsod ng California. Marami sa mga nabubuhay sa nakatakdang kita ay isang pagtaas ng upa na lang ang layo mula sa kawalan ng tirahan—at ang mga nakatatanda ang pinakamabilis na lumalaking populasyon ng walang tirahan. May dapat magbigay. Ang krisis sa abot-kayang pabahay ay sumisira sa Pangarap ng California.

Ang California, ang Golden State, ay minsang naging lupain ng oportunidad. Gayunpaman, ang mga bagay ay nagbago nang malaki. Halos isang milyong tao ang umalis sa California sa nakalipas na limang taon. Kung magpapatuloy ang malawakang exodus na ito, magkakaroon ito ng mapaminsalang kahihinatnan para sa ating estado. Ang California ay nahaharap sa isang $68 bilyon na kakulangan na lalala lamang kapag umalis ang mga kabataang mahuhusay at nananatili ang nangangailangan.

Mahal natin ang California. Ito ay isang lupain ng likas na kagandahan. Nasa unahan tayo ng teknolohikal na inobasyon na may napakalaking yaman. Ngunit, batay sa halaga ng pamumuhay, tayo ang pinakamahirap na estado sa Amerika. Masyadong marami tayong nakatatanda, nag-iisang magulang, mga manggagawang mababa ang sahod, at mga beterano na pumipili sa pagitan ng pagbabayad ng upa at paglalagay ng pagkain sa mesa.

Ang krisis sa pabahay ay kumplikado. Walang isang mahikang bala para lutasin ito, ngunit ang lugar na kailangan nating simulan ay ang panatilihin ang mga tao sa kanilang mga tahanan. *Ang tanging praktikal na paraan upang gawin ito ay pahintulutan ang lokal na pamahalaan na ipatupad at palawakin ang kontrol sa renta dahil hindi pare-pareho ang sukat parasalahat.* Ang praktikal para sa Los Angeles ay hindi gumagana sa Los Gatos.

Kailangan nating magtayo ng mas abot-kayang pabahay at pangalagaan ang abot-kayang mga yunit na mayroon tayo. Ngunit habang naghihintay tayo, kailangan nating protektahan ang mga nangungupahan at panatilihin silang may tirahan—kapag nasa isang butaska, itigil ang paghuhukay.

Ang kontrol sa renta ay isang tradisyong Amerikano mula noong 1919 at mahusay na gumagana sa maraming lungsod. Ito ay halos isinara noong 1995 nang kumbinsihin ng tagalobi ng may paupahan ang Sacramento upang mahigpit itong pigilan. Mula noon, tiniyak ng mga may paupahan na korporasyon na hindi babaguhin ng Lehislatura ang batas kahit gaano pa kasama ang mga pangyayari.

Naiintindihan namin na ang mga maliliit na namamahala ng paupahan ay ipinupuhunan ang kanilang ipon sa kanilang mga gusali at nakikilala nila ang kalagayan ng mga nangungupahan sa kanila. Iginagarantiya sa kanila ng Konstitusyon ng CA ang makatwirang pagkita. Ngunit ang mga bilyonaryong may paupahan ang nagdidikta at nagdudulot ng pagtaas ng renta.

Kahit na hindi ka nangungupahan, ang iyong kalidad ng buhay at ang halaga ng iyong ari-arian ay napinsala pa rin ng krisis sa pabahay.

Ibabalik ng Proposisyon 33 ang pagiging patas sa sitwasyon. Bistahin ang *www.yeson33.org*

Mga Tagasuporta: Partidong Demokratiko ng California, Mga Boses ng Mga Beterano, Asosasyon ng mga Nars ng California, Alyansa ng CA para sa mga Retiradong Amerikano, Ang Pabahay ay Karapatang Pantao, Pederasyon ng Mga Guro sa Amerika 1521, 2121, Tenants Together, Nagbabantay sa Mamimili, Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan, Social Security Works, Pagtataguyod para sa Kalusugan ng Isip, Pabahay NGAYON, ACCE, UNITE HERE Lokal 11

**Basil Kimbrew**, Ehekutibong Direktor
Mga Boses ng mga Beterano

**Pauline Brooks**, Pangulo ng Lupon
Alyansa ng California para sa mga Retiradong Amerikano

**William Arroyo**, Pangulo ng Lupon
Pundasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan sa AIDS / Ang Pabahay ay Karapatang Pantao

33

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 33 ★

Ayan na naman sila. Ang mga tagapagtaguyod ng Prop. 33 ay kumuha ng milyun-milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis—pera na dapat gamitin upang tulungan ang mga pasyenteng may HIV at AIDS na mababa ang kita—at ginugol ito sa isa pa nilang krusada laban sa pabahay.

Muli, nagsusulong sila ng panukalang makakasakit sa maliliit na namamahala ng paupahan.

Ang AHF, na nakatanggap ng bilyun-bilyong dolyar mula sa buwis ng mga mamamayan na nakalaan para sa mga pasyente, ay inililihis ang perang iyon upang bayaran ang mga bagay na walang kinalaman sa pangangalagang pangkalusugan—pagbuo ng sarili nilang imperyo ng real estate, habang pinapaupahan sa mga tao ang mga gusaling parang iskwater na ayaw nilang ayusin, at paulit-ulit na pinagmumulta dahil sa maling paggamit ng mga pondo.

Katulad ng panukalang ito, ang AHF ay hindi kung ano ang inaakala. Ngunit huwag tanggapin ang aming salita tungkol dito. Basahin ang mga kuwentong nagpapakita ng totoong kulay ng AHF:

Isa sa pinakamalaking mga slumlord ng estado *https://www.latimes.com/homeless-housing/story/2023-11-16/aids-healthcare-foundation-low-income-housing-landlords*

Pati na ang pagpapabaya upang ang isang bulag na nangungupahan ay mahulog sa isang bukas na elevator shaft *https://www.latimes.com/homeless-housing/story/2023-01-20/ahf-madison-hotel-elevator-lawsuit-story*

Habang sinasabi nilang ipinaglalaban nila ang mga nangungupahan, itinatapon nila ang mga nangungupahang mababa ang kita sa lansangan, habang hinahabla ang dose-dosenang mahihirap na tao sa maliit na hukuman ng mga reklamo: *https://www.poz.com/article/aids-healthcare-foundation-reportedly-houses-tenants-squalid-conditions*

Samantala, nag-aaksaya sila ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa mga demanda upang harangan ang mga bagong pabahay *https://www.sfchronicle.com/politics/article/Lawsuit-seeks-to-block-Scott-Wiener-s-rezoning-16480766.php* at gumagasta ng milyun-milyon sa mga kampanyang pampulitika upang itulak ang walang-pag-unlad na adyenda nito: *https://www.latimes.com/local/lanow/la-me-ln-aids-foundation-political-spending-20170221-story.html*

Pati ang estado ay tinapos ang kanilang multi-milyong dolyar na mga kontrata sa AHF, na binanggit ang"hindi tamang taktika sa negosasyon" *https://www.latimes.com/california/story/2022-06-30/california-aids-healthcare-foundation-state-contract*

At nakita ng mga pagsusuri ng County ng LA ang AHF na labis na sumingil sa mga nagbabayad ng buwis ng milyun-milyon *https://archive.kpcc.org/blogs/politics/2013/07/18/14304/aids-healthcare-foundation-asks-judge-to-delay-la/*

Huwag magpalinlang sa pinakabagong pakana ng AHF upang lokohin ang mga botante ng California. Bumoto ng HINDI sa Prop. 33.

**Michael Hedges**, Pangulo
Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California

**Julian Canete**, Pangulo
Hispanikong mga Kamara de Komersiyo ng California

**Rev. Dwight E. Williams**, Tagapangulo
Alyansa ng Nakatatanda sa California


Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 33 ★

ANG PROP. 33 AY ISANG LUBHANG DEPEKTIBONG PAKANA NA MAGPAPATAAS NG GASTOS SA PABAHAY AT HAHARANG SA ABOT-KAYANG PABAHAY

Kung tila pamilyar ang Prop. 33, ito ay dahil halos 60% ng mga botante ng California ang tumanggi sa kaparehong maling pamamaraan noong 2018 at 2020. Ang mga nakatatanda, mga beterano, at mga eksperto sa abot-kayang pabahay ay sumasalungat lahat sa Prop. 33 dahil ito ay magpapalala sa krisis sa pabahay. Tinatawag ng Housing Action Coalition ang Prop. 33 na"lubos na depektibo at mapanlinlang na kontra-pabahay."

Narito kung bakit dapat kang bumoto ng HINDI sa Prop. 33:

PINOPONDOHAN NG KILALANG SLUMLORD

Ang Proposisyon 33 ay isinulat at pinondohan ni Michael Weinstein, CEO ng AHF. Inilalarawan ng Los Angeles Times si Weinstein bilang isang "slumlord" na may mahabang rekord ng mga paglabag sa kalusugan at kaligtasan at hindi patas na pagpapaalis. Binanggit ng mga tagapangasiwa ng pabahay ng estado na ang kanyang mga residente ay nakatira sa "maruruming kondisyon, na nakalantad sa mga infestation ng ipis at surot."

HINDI KUNG ANO ANG INAASAHAN. ANG PROP. 33 AY ISANG TROJAN HORSE NA NAGPAPAWALANG-BISA SA MGA BATAS NG ESTADO TUNGKOL SA ABOT-KAYANG PABAHAY

Ang Prop. 33 ay mapanlinlang. Ang panukalang ito ay maaaring magpawalang-bisa ng higit sa 100 batas ng estado tungkol sa pabahay, kabilang ang mga batas na nagpapadali sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay, at mga proteksyon sa patas na pabahay at pagpapaalis ng mga nangungupahan. Maaari rin nitong alisin ang kakayahan ng Abugadong Pangkalahatannaipatupad ang ilang kasalukuyang batas sa pabahay. Ito ang dahilan kung bakit isa sa mga pinakakilalang "slumlord " ng korporasyon sa estado ang nagpopondo sa Prop. 33.

PINAPALALA ANG KRISIS SA PABAHAY

Sinasabi ng mga ekonomista at eksperto sa pabahay sa Stanford at UC Berkeley na ang Prop. 33 ay magpapalala sa krisis sa pabahay ng California sa pamamagitan ng pagbabawas sa pagtatayo ng bagong abot-kayang pabahay. Gagawin ng Prop. 33 na mas mahiran maging may-ari ng bahay o maghanap ng mauupahan, na magpapataas ng gastos para sa mga nangungupahan at mga bumibili ng bahay.

INAALIS ANG MGA PROTEKSYON NG MAY-ARI NG BAHAY

Ang Prop. 33 ay nag-aalis ng mga pangunahing proteksyon para sa mga may-ari ng bahay at nagpapahintulot sa mga burukrata, politiko, at regulator na sabihin sa mga may-ari ng bahay kung magkano ang maaari nilang singilin sa pagpapaupa ng isang silid. Milyun-milyong may-ari ng bahay ang tatratuhin na tulad ng mga korporasyong may-ari ng paupahan at sasailalim sa mga regulasyon at kontrol sa presyo na pinagtibay ng mga hindi inihalal na lupon.

PINAHIHINA ANG MGA PROTEKSYON NG NANGUNGUPAHAN

Ang Prop. 33 ay nagpapahina sa pinakamalakas na batas ng kontrol sa upa sa buong bansa na pinirmahan ni Gobernador Newsom at walang proteksyon para sa mga nangungupahan.

NAGPAPABABA NG HALAGA NG MGA BAHAY HANGGANG 25%

Tinataya ng mga walang-kinikilingang mananaliksik sa MIT na ang mga matinding hakbang sa kontrol sa renta tulad nito ay nagreresulta sa isang average na pagbaba ng halaga ng mga bahay na hanggang 25%. Hindi kaya ng mga taga-California ang isa pang dagok sa gitna ng pagbagsak ng ekonomiya na nagbabanta sa halaga ng kanilang mga bahay at ipon sa buhay.

WALANG PROTEKSYON PARA SA MGA NAKATATANDA, BETERANO, O MAY KAPANSANAN

Ang Prop. 33 ay walang proteksyon para sa mga nakatatanda, beterano, o may kapansanan. Sumasang-ayon ang mga beterano, nakatatanda, at mga organisasyon para sakatarungang panlipunan na ito ang huling bagay na kailangan natin ngayon.

TINUTUTULAN NG MALAWAK NA KOALISYON NG DALAWANG PARTIDO

Sumasang-ayon ang mga Demokratiko at Republikano na ang Proposisyon 33 ay magpapalala sa krisis sa pabahay. Kabilang sa mga tumututol: Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California • Alyansa ng Nakatatanda sa California • Kumperensya ng mga Karpintero sa California • California YIMBY • Kamara ng Komersiyo ng California • Senate President Pro Tem Emeritus Toni Atkins • Demokratikong Miyembro ng Asembleya Buffy Wicks • Kapisanan ng mga Beterano ng Marine Corps

HUMINGI NG MGA TUNAY NA SOLUSYON SA PABAHAY

Dapat tayong Bumoto ng "HINDI" sa Prop. 33 at humingi ng mga tunay na solusyon.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 33. Alamin ang iba pa sa *NoOnProp33.com*

**Ken Rosen**, Propesor na Emeritus ng Ekonomiya
UC Berkeley

**Jenna Abbott**, Ehekutibong Direktor
Konseho ng California para sa Abot-kayang Pabahay

**Kendra Moss**, Miyembro ng Pagpapayo
Alyansa ng mga Babaeng Beterano

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 33 ★

Sino ang pinaniniwalaan mo? Ang mga bilyunaryong may-ari ng paupahan ang nasa likod ng Kapisanan ng Apartment sa California na gumastos ng daan-daang milyong dolyar laban sa mga proteksyon ng nangungupahan? O naniniwala ka ba sa Pundasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan sa AIDS —ang pinakamalaking organisasyon ng AIDS sa mundo—Veterans' Voices, Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan , 100 lokal na halal na opisyal, at mga lungsod ng San Francisco, Santa Monica, at West Hollywood?

Ang mga bilyonaryong may-ari ng paupahan ay magpupuno sa himpapawid at sa iyong mailbox ng mga kasinungalingan at panlilinlang na binabayaran mula sa labis na mataas na upa mula sa mga taong nasa social security o may kapansanan.

Ang aming proposisyon ay may 23 salita lamang. Pinapayagan nito ang mga lungsod na pangasiwaan ang mga renta tulad ng ginawa nila hanggang 1995 nang ang Sacramento, sa kahilingan ng mga kaparehong bilyonaryo, ay kumuha ng karapatang iyon—wala nang iba pa. Bawat lungsod ang magpapasya para sa kanilang sarili kung kailangan nila o hindi ng kontrol sa renta.

Ang mga akademiko at mga non-profit na organisasyon na inuupahan ay magsasabi ng kahit ano na gustong ipasabi ng mga bilyonaryong may-ari ng paupahan kapalit ng bayad.

Maniwala sa iyong sariling mga mata. Nahaharap tayo sa $68 bilyong kakulangan na pinalala ng isang milyong tao na umalis sa California. Mahigit sa kalahati ng 17 milyong nangungupahan sa Californiaangnagbabayad ng higit sa 30% ng kanilang kita sa renta.

Ginagamit ng mga bilyonaryong may-ari ng paupahan ang takot upang hikayatin ang mga may-ari ng bahay at mga nangungupahan na bumoto laban sa kanilang sariling interes. Ang mga may-ari ng bahay ay makikinabang lamang sa malusog na komunidad. Ang mga nangungupahan ay desperado na manatili sa kanilang mga tahanan.

Ang kontrol sa renta ay isang tradisyong Amerikano mula noong 1919. Ang New York at marami pang ibang lungsod na may kontrol sa renta ay nakakita lamang ng sobrang pagtaas ng halaga ng mga ari-arian.

Bumoto ng Oo—napakataas ng upa.

**Sandy Reding**, Pangulo
Asosasyon ng mga Nars ng California

**Pauline Brooks**, Pangulo ng Lupon
Alyansa ng California para sa mga Retiradong Amerikano

**Larry Gross**, Ehekutibong Direktor
Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan